8

# Sagutang Papel sa Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin 7

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Pagkatuto sa Filipino 8**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School – Valenzuela City)

Mga Tagasuri:

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>*ni Emilio Jacinto* | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 1: PAK GANERN! (6 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang katangian ng isang editoryal.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Isulat sa patlang ang PAK kung ang pangungusap ay katangian ng editoryal at GANERN naman kung hindi.

_________1. Mahalagang sangkap ng isang editoryal ay kinakailangang may pinagbabatayan itong balita.

_________2. Hindi matatawag na editoryal ang isang artikulo kung ito ay lalagyan ng pananaw ukol sa isang isyung pambansa man o panlokal.

_________3. Layunin ng editoryal na magbigay ng impormasyon, magturo, pumuna at magpaisip sa mga mambabasa.

_________4. Naglalaman ang editoryal ng kuro-kuro ng patnugutan hinggil sa isang napapanahong balita.

_________5. Sa sandaling may pambabatikos o pamumuna ng mga katiwalian bunga ng maling naoobserbahan, hindi na ito isang editoryal.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Ipaliwanag kung bakit GANERN ang mga bilang na na para sa iyo ay hindi katangian ng isang editoryal.

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>*ni Emilio Jacinto* | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 2: IAYOS PA! (10 minuto)**

II. **Layunin:** Naisasaayos ang mga parirala upang makabuo ng kahulugan ng isang editoryal

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

IV. **Panuto:** Isaayos ang mga parirala upang makabuo ang isang pangungusap na nagpapakita ng katuturan ng editoryal. Isulat ang sagot sa ibaba.

A- na naglalaman ng opinyon o pananaw ng patnugutan o editor

B- at sa huli ay mapaisip sila tungo sa kinakailangang pagbabago.

C- ang isang editoryal ay artikulong pampahayagan

D- upang magbigay kamalayan sa mga mambabasa

E- hinggil sa isang napapanahong isyu o balita na isinulat

F- na makatutulong sa kanilang magsuri

***Sagot:***

_____ _____ _____ _____ _____

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Isulat sa kahon ang mga susing salita na maaaring tandaan sa kahulugan ng editoryal.

| |
|---|
| |

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>*ni Emilio Jacinto* | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 1: TALAS-SALITAAN (10 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang kasingkahulugan ng salita batay sa pagkakagamit nito sa pangungusap.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Bilugan sa pangungusap ang salita/mga salitang kahulugan ng salitang nakasulat nang madiin.

1. Ibinahagi ni Greg ang kanyang palagay ukol sa suliranin ni Andres. Sinabi niya ito upang magbigay ng **pagwari** sa naganap sa kanyang kaibigan.

2. Matapos ang tugtuging likha ni Palma, **naganyak** ang mga nakarinig. Tunay na nagbigay sigla ito sa kanilang mga kalooban.

3. Labis na ang **kapagalang** naramdaman ng bayan dahil sa tinitiis na pang-aapi. Hindi lamang ito basta pagod, dinadamdam na rin ito ng lahing kayumanggi.

4. Ang di raw magmahal sa kanyang wika ay **sukab.** Isang taksil sa bayang pinagkakautangan ng lakas at tangkilik.

5. Ang buwan ay may **balatkayo** na anyo ng liwanag. Masasabing pagkukunwari sapagkat hiram lamang ang ningning sa araw.

6. Ang **kaliluhan** ng mga dayuhan ang nagsindi ng mitsa ng pagkamakabayan. Silang may kabagsikan at walang awa ang humukay ng kanilang libingan.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Alin sa mga salita ang bago sa iyong pandinig o ngayon mo lamang nabasa? Magbigay ng iba pang salita na sa palagay mo ay kasing-kahulugan nito.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>*ni Emilio Jacinto* | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 1.2: HAVEY o WALEY (25 minuto)**

II. **Layunin:** Nasusuri ang mga impormasyong nababasa sa sanaysay

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

IV. **Panuto:** Basahin ang teksto.

### LIWANAG AT DILIM
Emilio Jacinto

### ANG NINGNING AT ANG LIWANAG

(1) Ang ningning at liwanag ay nakasisira ng paningin.

(2) Ang liwanag ay kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay.

(3) Ang bubog kung tinatamaan ng nag-aapoy na sikat ng araw ay nagniningning; ngunit sumusugat sa kamay ng nagaganyak na dumampot.

(4) Ang ningning ay maraya.

(5) Ating hanapin ang liwanag, tayo'y huwag mabigham sa ningning. Sa katunayan ng masamang naugalian. Nagdaraan ang isang karwaheng maningning na hinihila ng kabayong matulin? Tayo'y magpupugay at ang isasaloob ay mahal na tao ang nakalulan. Datapwa'y marahil naman isang magnanakaw; marahil sa ilalim ng kanyang ipinatatanghal na kamahalan at mga hiyas na tinataglay ay natatago ang isang pusong sukaban.

(6) Nagdaraan ang isang maralita na nagkakanghirap sa pinapasan? Tayo'y mapapangiti at isasaloob: Saan kaya ninakaw? Datapwa'y maliwanag nating nakikita sa pawis ng kanyang noo at sa hapo ng kanyang katawan na siya'y nabubuhay sa sipag at kapagalang tunay.

(7) Ay! Sa ating pang-uga-ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag.

(8) Ito na nga ang dahilang isa pa na kung kaya ang tao at ang mga nayan ay namumuhay sa hinagpis at dalita.

(9) Ito na nga ang dahilan na kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at ng kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na maningning, lalong-lalo na ang mga hari at mga Pinuno na pinagkakatiwalaan ng sa ikagiginhawa ng kanilang mga kampon, at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihang sukdang ikanais at ikamatay ng Bayan na nagbigay sa kanila ng kapangyarihang ito.

(10) Tayo'y mapagsampalataya sa ningning; huwag nating pagtakhan na ang ibig mabuhay sa dugo ng ating mga ugat ay magbalatkayo ng maningning.

(11) Ay! Kung ang ating dinudulugan at hinahinain ng puspos na galang ay ang maliwanag at magandang asal at matapat na loob, ang kahit sino ay walang magpapaningning pagkat di natin pahahalagahan, at ang mga isip at akalang ano pa man ay hindi hihiwalay sa maliwanag na banal na landas na katwiran.

(12) Ang kaliluhan at ang katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag magpamalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagalingan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad, mahinhin, at maliwanag na napapatanaw sa paningin.

(13) Ang lumipas na pinapanginoon ng Tagalog ay labis na nagpapatunay ng katotohanan nito.

(14) Mapalad ang araw ng liwanag!

(15) Ay! Ang Anak ng Bayan, ang kapatid ko, ay matututo kaya na kumuhang halimbawa at lakas sa pinagdaanang mga hirap at binatang mga kaapihan?

**HAVEY o WALEY**
Panuto: Isulat sa patlang ang HAVEY kung ang pangungusap ay binanggit sa teksto at WALEY naman kung hindi.

_______ 1. Ang ningning at liwanag ay nakasisira sa mata.

_______ 2. Kailangan ng mata ang liwanag upang makita ang kabuoan ng mga bagay-bagay.

_______ 3. Madaya ang ningning.

_______ 4. May pagkakataong hinuhusgahan natin agad ang ating kapwa batay sa kanilang anyo.

_______ 5. Hindi naging ugali ng tao ang mas maniwala sa ningning kaysa liwanag.

_______ 6. Ang paniniwala sa ningning ay nagdudulot ng tunay na kasiyahan at tagumpay.

_______ 7. May mga pinunong nais manatili sa puwesto sukdulang umabuso sa kapangyarihan.

_______ 8. Mapagbalatkayo ang liwanag.

_______ 9. Ang may pag-ibig ay maliwanag na nakikita sa paningin.

_______ 10. Ang isang taong lilo at tampalasan ay humahanap ng ningning upang di makita na siya ay pangit.

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

Sagutin: Ipaliwanag ang pagkakaiba ng ningning sa liwanag.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>*ni Emilio Jacinto* | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 2.1: KUMPLETRA (15 minuto)**

II. **Layunin:** Natutukoy ang mga konseptong kaugnay ng sanaysay

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

IV. **Panuto:** Kumpletuhin ang mga letra upang mabuo ang salita. Gawing gabay ang mga kahulugang binigay tapat nito.

**1. P __ K __ __ -** Ito ang kabuoang pinag-uusapan o tinatalakay sa isang sanaysay.

**2. __ U __ T __ -** Ito ang mahalagang ideyang ibig sabihin ng manunulat ng sanaysay.

**3. L __ Y __ __ -** Ito ang nais ipaunawa na magawa ng manunulat ng sanaysay sa pagtalakay ng kanyang nga ideya.

**4. P __ R __ __ __ -** Ito ang antas ng wika na ayon sa pamantayang kinikilala at tinatanggap ng mga nakapag-aral at kalimitang ginagamit sa mga gawaing intelektwal.

**5. __ S __ I __ O –** Ito ang pamamaraang ginamit sa pagpapahayag ng sumusulat ng sanaysay.

**6. B __ R __ __ O __ -** Ito ang balangkas ng isang akda, ang panimula o unang anyo ng isang susulating akda gaya ng sanaysay.

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Para sa iyo, ano ang sanaysay?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>*ni Emilio Jacinto* | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2.2: SURING-SANAYSAY (30 minuto)**

**II. Layunin:** Nasusuri ang nilalaman ng sanaysay batay sa paksa, kaisipan, layon, wika at estilo

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sipi ng teksto, sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Suriin ang sanaysay na "Liwanag at Dilim" ni Emilio Jacinto. Sagutan ang mga tanong sa talahanayan sa ibaba.

| Tanong | Sagot | Blg. ng Talata |
|---|---|---|
| **1. Ano ang paksa?** | | |
| **2. Magbigay ng mga punto, impormasyon o kaisipan mula sa sanaysay.** | | |
| **3. Ano ang layon ng sanaysay?** | | |
| **4. Anong wika ang ginamit sa sanaysay?** | | |
| **5. Anong estilo ang ginamit ng manunulat?** | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Humanda sa pag-uulat nito sa harap ng klase.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Borador ng Rebyu ng Sanaysay** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 3.1: Hanap Sanaysay (10 minuto)**

II. **Layunin:** Nakapipili ng isang sanaysay ukol sa panahon ng Himagsikan

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sangguniang mga aklat, internet, sagutang papel at panulat

IV. **Panuto:** Magsaliksik ng sanaysay na nasulat mula sa panahon ng himagsikan. Maaaring buksan ang mga links mula sa internet o kaya naman ay magsaliksik ng mga sanaysay mula sa aklat pampanitikan.

Pagkatapos ay punan ng mga kinakailangang impormasyon ang talahanayan kaugnay ng sanaysay na napili.

| **REBYU NG SANAYSAY** | |
|---|---|
| **Bahagi 1** | |
| **Pamagat:** | |
| **May-akda:** | |
| **Mga Kaugnay na Datos:** (maaaring petsa ng pagkakasulat, pinaglaanan, lugar kung saan nalathala, o mga impormasyong patungkol sa akda atb.) | |
| **Sanggunian:** (reperensiyang mga aklat, babasahin o internet link atb.) | |

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Borador ng Rebyu ng Sanaysay** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3.2: Lapat-Suri (30 minuto)**

**II. Layunin:** Nasusuri ang nilalaman ng sanaysay batay sa paksa, kaisipan, layon, wika at estilo

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sipi ng napiling sanaysay, sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Suriin ang napiling sanaysay sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa talahanayan.

**Bahagi 2**
**Pagsusuri sa Napiling Sanaysay**
**Pamagat:** ______________________________

| Tanong | Sagot | Blg. ng Talata |
|---|---|---|
| 1. Ano ang paksa? | | |
| 2. Magbigay ng mga punto, impormasyon o kaisipan mula sa sanaysay. | | |
| 3. Ano ang layon ng sanaysay? | | |
| 4. Anong wika ang ginamit sa sanaysay? | | |
| 5. Anong estilo ang ginamit ng manunulat? | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Sagutin: Sa papaanong paraan mo pa mas mapaghuhusay ang iyong mga gawain sa klase sa hinaharap?

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Borador ng Rebyu ng Sanaysay** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 3.3.1: Pagbuo ng Borador (20 minuto)**

II. **Layunin:** Nailalapat sa isang borador ang nasuring nilalaman ng sanaysay batay sa paksa, kaisipan, layon, wika, estilo at iba pa.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Flowchart at panulat

IV. **Panuto:** Punan ng mga mag-aaral ang *flowchart* na maglalaman ng magiging daloy ng iyong magiging tekstong multimodal na nagsusuri sa isang sanaysay na nasulat na Panahon ng Himagsikan.

Pamagat:

↓

Paksa:

↓

Mga Kaisipan / Punto:

↓

Layon:

↓

Wikang Ginamit:

↓

Estilo:

↓

Mensahe:

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Borador ng Rebyu ng Sanaysay** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3.3.2: Borador at Uri ng Elementong Biswal (20 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nakapagtatala ng mga punto at ebidensya ukol sa sinusuring sanaysay na may paglalapat ng mga ilustrasyon na gagamitin sa video o animasyon
- Nakabubuo ng borador para sa rebyu ng sanaysay gamit ang mga elementong biswal

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Magtala ang mga mag-aaral ng mga uri ng elementong biswal na maiuugnay sa mga ilalagay na impormasyon sa gagawing pagsusuri ng sanaysay sa anyong multimodal.

| **Bahagi 4** | |
|---|---|
| **Balangkas** | **Uri ng Elementong Biswal** |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Pagnilayan ang nagawang Borador ng Tekstong Multimodal na Nagsusuri sa Isang Sanaysay. Ilapat ang rubrik sa ibaba.

| Bahagi ng Balangkas | Wasto bang maipahahayag ang impormasyon mula sa teksto sa payak na paraan? | Malinaw bang maipakikita ang ideya sa tulong ng mga piniling uri ng elementong biswal? |
|---|---|---|
| *Pamagat* | | |
| *Paksa* | | |
| *Mga Kaisipan / Punto* | | |
| *Layon* | | |
| *Wikang Ginamit* | | |
| *Punto* | | |
| *Mensahe* | | |

**Pagpupuntos:**

Sulatan ang loob ng kahon ng 1-5 batay sa pagtataya sa ginawang borador ayon sa sagot sa tanong sa rubrik (5 ang pinakamataas na puntos).

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 1 |
| **Bilang ng Aralin:** | 7 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Rebyu ng Sanaysay**<br>Liwanag at Dilim<br>ni Emilio Jacinto | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain 1: Pagsusulit (25 minuto)**

II. **Layunin:** Nasusuri ang konseptong kaugnay ng sanaysay (elemento, layon, paksa, mensahe, wika at iba pa.)

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

IV. **Panuto:** Tukuyin kung ang mga pangungusap ay wasto o di-wasto. Sakaling di-wasto, bilugan ang nagpamaling salita sa pangungusap.

_____1. Tinatawag na borador ang isang balangkas o plano ng isang bubuuing sulatin gaya ng sanaysay.

_____2. Ang layon ang pamamaraang ginagamit ng manunulat sa pagtalakay ng mga kaisipan sa akda.

_____3. Paksa ang kabuoang tinatalakay ng manunulat sa kanyang akda.

_____4. Mahalagang matukoy ng isang magsusuri ng sanaysay ang mga "punto" na tinatalakay sa mga bahagi ng sanaysay.

_____5. Mauuri sa biswal na pagpapahayag ang isang dayagram na nagpapakita ng ideya sa teksto.

_____6. Mensahe ang tawag sa wikang tinatanggap nang mas nakararaming nakapag-aral.

_____7. Huwag kalilimutang itala ang mga naging reperensiya o sanggunian na ginamit sa pagsusuri ng sanaysay.

_____8. Ang linya, kolum at pie ay mga halimbawa ng grap na isa ring uri ng biswal na teksto.

_____9. Huwag isinasaalang-alang sa pagbuo ng isang tekstong multimodal kaangkupan ng pipiliing ilustrasyon na ilalapat sa video o animasyon.

_____10. Dapat na malinaw na maipakita ang ideya sa tulong ng mga pipiliing elementong biswal.